

**Kagawaran ng Edukasyon**

# **Araling**

# **Panlipunan 8**

**Ang Kabihasnang Minoan, Mycenaean at  
Kabihasnang Klasiko ng Greece  
Ikalawang Markahan – Unang Linggo**



Ryan R. Francisco

***Manunulat***

Ma. Martha R. Ullero

***Tagasuri***

Aileen C. Penaranda

***Layout***

Maria Elena C. Araja

Felipa R. Dawa

***Katibayan ng Kalidad***




**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City  
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



## INAASAHAN

Makasaysayang Araw! Sa araling ito ikaw bilang manlalakbay ng Kasaysayan ay inaasahang **masusuri ang kabihasnang Minoan, Mycenean at kabihasnang klasiko ng Greece** (batay sa MELC). Inaasahan din na iyong **maunawaan ang mga aral mula sa mga mahalagang pangyayaring naganap sa Kabihasnang Klasikal ng Greece**. Halika at simulan ang aralin.



## UNANG PAGESUBOK


**Panuto:** Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot bago ang bilang.

- \_\_\_\_ 1. Sa lugar na ito sumibol ang Kabihasnang Minoan  
A. Attica                      B. Crete                      C. Peloponnesus                      D. Salamis
- \_\_\_\_ 2. Isang lungsod na matatagpuan sa Greece na kilala sa matataas nitong mga pader.  
A. Knossoss                      B. Marathon                      C. Mycenae                      D. Salamis
- \_\_\_\_ 3. Sa kanila natutunan ng mga Greeks ang paggamit ng alpabeto.  
A. Lydian                      B. Persian                      C. Phoenician                      D. Sumerian
- \_\_\_\_ 4. Itinatag ng mga Dorian sa lugar na ito ang lungsod Estado ng Sparta.  
A. Attica                      B. Crete                      C. Peloponnesus                      D. Salamis
- \_\_\_\_ 5. Ito ay binubuo ng isang lipunang malaya, nagsasarili at nakasentro sa isang lungsod.  
A. Acropolis                      B. Agora                      C. Hoplite                      D. Polis
- \_\_\_\_ 6. Sila ang mga pangkat ng tao mula sa Hilaga na pumasok sa Greece at iginupo ang mga Mycenaean.  
A. Athenian                      B. Dorian                      C. Ionian                      D. Spartan
- \_\_\_\_ 7. Pinaka mahalagang ambag ng Athens sa kasalukuyang panahon  
A. Constitution                      B. Democracy                      C. Militarism                      D. Republic
- \_\_\_\_ 8. Batang heneral ng Macedonia at itinuring na pinakamahusay na heneral at mandirigma sa kasaysayan.  
A. Alexander                      B. Cyrus                      C. Philip                      D. Xerxes
- \_\_\_\_ 9. Pinuno ng Athens sa Panahon ng Digmaang Pelopponesian.  
A. Cleisthenes                      B. Pericles                      C. Pisistratus                      D. Solon
- \_\_\_\_ 10. Sa panahon ng kanyang pamumuno nagsimula ang Ostracism.  
A. Cleisthenes                      B. Pericles                      C. Pisistratus                      D. Solon
- \_\_\_\_ 11. Tawag sa Liga o Alyansang binuo at pinamunuan ng Athens  
A. Delian                      B. Pelopponesian                      C. Persian                      D. Salamis
- \_\_\_\_ 12. Lugar kung saan naglaban ang Hukbo ng Persia at Athens  
A. Marathon                      B. Pelopponesian                      C. Salamis                      D. Thermopylae
- \_\_\_\_ 13. Tawag sa Liga o Alyansang binuo at pinamunuan ng Sparta  
A. Delian                      B. Pelopponesian                      C. Persian                      D. Salamis
- \_\_\_\_ 14. Lugar kung saan naglaban ang Hukbo ng Persia at Sparta  
A. Marathon                      B. Pelopponesian                      C. Salamis                      D. Thermopylae
- \_\_\_\_ 15. Ang tawag sa Digmaang naganap sa pagitan ng Athens at Sparta  
A. Marathon                      B. Pelopponesian                      C. Salamis                      D. Thermopylae



## BALIK-TANAW

**Panuto:** Batay sa nakaraang aralin, isulat sa loob ng parihaba ang Sinaunang kabihasan, sa loob ng oblong ay ang ambag, at sa parihaba naman ay ang kabuluhan nito sa kasalukuyan.



## PAGPAPAKILALA NG ARALIN

**Panuto:** Suriin ang mapa ng Greece at sagutin ang mga pamprosesong tanong.



Larawan 1.1 Sinaunang mapa ng Greece <https://bit.ly/2ZtOQcH>

### Pamprosesong Tanong:

1. Saang bahagi ng mapa matatagpuan ang isla ng Crete?
2. Ano-ano ang mga anyong tubig na nakapaligid sa lugar na ito?
3. Paano nakaimlupwensya ang lokasyon ng lugar na ito sa pag-usbong ng Kabihasnang Greece?

## **ANG KABIHASNANG MINOAN**

Sa pagitan ng **2700 hanggang 1450 BCE** umusbong ang Kabihasnang **Minoan** sa pulo ng **Crete** na matatagpuan sa timog ng Greece. Ang salitang Minoan ay batay sa kanilang maalamat na Haring **Minos**. Ang Palasyo ng **Knossos** ang sentro ng malawak na kahariang nakabatay sa **kalakalang pandagat**.

## **ANG KABIHASNANG MYCENAEAN**

Ang **Mycenae** ay isang lungsod na matatagpuan sa Greece na kilala sa matataas nitong mga pader, at naging sentro ng isang bagong kabihasnang sa Greece. Tinatayang umusbong ang lungsod ng Mycenae sa pagitan ng **1600 hanggang 1100 BCE**. Ang mga Mycenaean ay mga Indo-Europeong nagmula sa gitnang bahagi ng kontinenteng Europa at Asia. Kinilala ang mga Mycenaean bilang mga mabangis na mandirigma. Nakamit ng Kabihasnang Mycenaean ang ruok ng kaunlaran sa pagitan ng 1400 hanggang 1200 BCE na binubuo ng mga makapangyarihang Monarkiya. Noong ika-12 siglo BCE ay tuluyang bumagsak ang kabihasnang Mycenaean nang sakupin ito ng mga **Dorian** mula sa hilaga at bumagsak ang Greece sa isang Dark Age.



Larawan 1.2: Palasyo ng Knossos, sentro ng kabihasnang Minoan sa pulo ng Crete  
<https://tinyurl.com/y3f6vnhh>

## **PANAHONG HELLENIC O KLASIKAL**


Mula sa kaguluhan ay umusbong ang bagong kabihasnang na binuo hindi lamang ng iisang kaharian kundi mga malalayang lungsod-estado. Kinilala ito bilang **Panahong Hellenic** (mula sa kanilang tawag sa Greece na **Hellas**) o **Klasikal** (nangangahulugang mataas na uri). Ito ay tumagal mula 700 BCE hanggang 300 BCE, at naging isa sa mga pinakadakilang sibilisasyong naganap sa kasaysayan ng daigdig.

### **Ang Polis: Sentro ng Pamumuhay sa Panahong Hellenic**

Noong ika-5 siglo BCE, ang mga lungsod-estado na tinatawag na **Polis** ang naging sentro ng pamumuhay sa buong Greece. Ito ay umusbong mula sa mga pamayanan sa tuktok ng mga burol at bundok na nabuo bilang proteksyon mula sa pagsalakay noong Dark Age.

Ang Polis ay binubuo ng isang lipunang malaya, nagsasarili at nakasentro sa isang lungsod. Ang mga mamamayan (**citizen**) ay binigyan ng karapatang bomoto, magkaroon ng ari-arian, humawak ng posisyon sa pamahalaan, at ipagtanggol ang sarili sa mga korte. Kaakibat nito ang **responsibilidad ng isang mamamayan** sa

lungsod-estado na dapat ay makilahok sa pamahalaan at tumulong sa pagtatanggol sa mga polis sa panahon ng digmaan. Mula sa **pakikipagkalakalan** sa iba't ibang lupain, natutuhan ng mga Greek ang mga bagong ideya at teknik. Mula sa mga **Phoenician** ay nakuha nila ang paggamit ng **alpabeto** at paggawa ng mas malalaki at mabibilis na **barko**. Sa mga **Sumerian** naman ay namana nila ang **sistema ng panukat**. Mula naman sa mga **Lydian** ay natutuhan nila ang paggamit ng **barya sa pakikipagkalakalan**.



Larawan 1.3 : Isang tipikal na polis noong panahong Hellenic o Klasikal <https://tinyurl.com/y5o8qdjh>

### **Militaristikong Polis: Sparta**

Ang **Sparta** ay itinatag ng mga **Dorian** sa **Peloponnesus** sa timog ng Greece. Sinakop nito ang mga karatig nitong pook tulad ng Laconia at Messenia at ginawang alipin ang mga mamamayan nito, na tinawag na **Helot**. Dahil mas marami sa Spartan ang nasakop nila, natakot sila na mag-aklas ang mga Helot, kung kaya't ang Sparta ay naging isang **Estadong Militar** upang mapanatili ang kontrol nito sa mga Helot. Ang **pangunahing mithiin** ng lungsod-estado ng **Sparta** ay magkaroon ng mga kalalakihan at kababaihang walang kinatatakutan at may malalakas na pangangatawan. Sa katunayan, mula **pitong taong gulang** ay sumasailalim na sa matinding pagsasanay ang isang Spartan na tinatawag na **Agoge**. Ang pangunahing layunin ng pagsasanay ay magkamit ng **malakas na pangangatawan, katatagan, kasanayan sa pakikipaglaban**, at **katapatan sa bayan** ang bawat mandirigmang Spartan.


### **Kanlungan ng Demokrasya: Athens**

Ang **Athens** ay isang Polis na matatagpuan sa peninsula ng **Attica** at nabuo noong ika-8 siglo BCE. Pinumunuan ng Hari ang Sinaunang Athens, subalit noong ika-7 siglo ay naging **oligarkiya** ito sa ilalim ng kontrol ng mga **Aristocrat**. Ang mga ito ang siyang nagtaglay ng kapangyarihan at nag may-ari ng malawak na lupain. Sa huling bahagi ng ika-7 siglo, ang Athens ay naharap sa matinding kaguluhan dahil sa laganap na kahirapan mula sa kapangyarihan ng mga Aristocrat. Nagsagawa ng mga reporma sina **Solon** (594 BCE) at **Pisistratus** (560 BCE) tulad ng pagpapatawad ng utang at pamamahagi ng lupain na nakatulong ng bahagya ngunit hindi tuluyang nalutas ang suliranin.

Sa ilalim ni **Cleisthenes** (508 BCE) ay lumikha ng bagong konseho na binubuo ng lahat ng kalalakihang mamamayan na syang magbibigay ng huling pasya ukol sa mga ipapasang batas tulad ng pagbubuwis, pakikipagdigma at **Ostracism** (sistema ng pagpapatapon o pagtatakwil sa isang tao). Ang huling pasya ay isasagawa matapos ang isang malayang debate. Mula sa mga reporma ni Cleisthenes nagsimulang magkaroon ng malaking bahagi ang mga mamamayan sa

pamamalakad ng kanilang pamahalaan. Ito ang **Demokrasya**, ang pinakamahalagang ambag ng Athens sa daigdig.

### **Ang Hamon ng Persia: Digmaang Greco-Persian**



Larawan 1.4: Ang Phalanx, istrategiya ng mga Greek sa pakikidigma <https://tinyurl.com/y57pfjpg>

Noong ika-6 na siglo BCE, ang mga Greek na Polis sa **Ionia** (sa kanlurang **Asia Minor**) ay bumagsak sa kamay ng Imperyong Persian. Noong 499 BCE isang bigong rebelyon ng mga Ionian (kung saan tumulong ang Athens at iba pang Polis) ang nagbigay daan upang maghiganti ang Emperador ng Persia na si **Darius**.

Noong 490 BCE ay dumagang ang hukbo ng Persia sa kapatagan ng **Marathon** na 40 kilometro ang layo mula sa Athens. Dito ay tinalo ng 10,000 puwersa ni **Themistocles** ng Athens ang humigit-kumulang 25,000 puwersa ni Darius. Ayon sa alamat, ang mga balita ukol sa pagkatalo ng Persia ay pinarating ng mensaherong Athenian na si **Pheidippides**, na tumakbo mula Marathon hanggang Athens, na naghahanda nang sumuko noon. Sa kanyang huling hininga, kanyang ipinahayag ang “Tagumpay! Nagwagi tayo,” bago siya tuluyang namatay sa pagod. Sa kasalukuyan, ang paligsahang Marathon ay batay sa kwento ng kabayanihang ito.

Minana ng anak ni Darius na si Xerxes ang paghihiganti sa Athens. Pinamunuan ni Xerxes ang mas malaking hukbo patungong Greece. Ang kanyang puwersa ay binubuo ng 180,000 mga sundalo at libo-libong mga barkong pandigma. Habang nagtatalo pa ang mga polis sa kanilang gagawin sa banta ni Xerxes, sinubukan ng ilang Greek sa pamumuno ng 300 Spartan ni Haring **Leonidas** na pigilan ang mga Persian sa **Thermopylae**, isang makipot na daanan sa silangang Greece na siyang tanging daan patungong Athens at iba pang Polis. Sa harapng higit na maraming puwersa ni Xerxes, namatay si Leonidas at ang kanyang hukbo, at sinunog ni Xerxes ang Athens.

Dahil dito, nagkaisa ang mga Polis at lalong lumakas ang loob ng mga Greek dahil sa sakripisyo ni Leonidas. Sa sumunod na labanan sa Salamis, nagawang matalo ng mga barkong Athenian ang mas malalaking barko ng mga Persian. Ang nalalabing hukbo ni Xerxes ay tinalo ng mga alyansa ng mga lungsod-estado ng Greece sa pamumuno ng Athens at Sparta.

### **Ginintuang Panahon ng Athens**

Noong 461 BCE, si **Pericles** ang namuno sa Athens. Taon-taon ay nahahalal si Pericles hanggang sa sumapit ang kaniyang kamatayan noong 429 BCE. Sa ilalim niya ay nakamit ng Athens ang Gintong Panahon. Pagkatapos ng Digmaang Greco-Persian, nanguna ang Athens sa pakikipagkalakalan at gumanda ang ekonomiya nito. Umusbong ang mga bagong kaalaman sa **pilosopiya** (Socrates, Plato at Aristotle); **arkitektura** (estilong Ionian, Doric, at Corinthian); **kasaysayan**

(Herodotus at Thucydides); **medisina** (Hippocrates), **teatro** (Aeschylus, Sophocles, at Euripides) at marami pang iba.

### **Ang Delian League at Digmaang Peloponnesian**

Pagkatapos ng digmaan, sa tulong ng iba pang Polis ay nabuo ang **Delian League**, isang alyansa na pinangunahan ng Athens upang mapigilan ang pagsalakay muli ng Persia. Nagsimula ito bilang alyansa ngunit unti-unting kinontrol ng Athens ang mga miyembro nito gamit ang kapangyarihan ng Athens sa kalakalan at hukbong pandagat. Dahil dito, umalis ang Sparta, Corinth at iba pa at nagtatag ng sarili nilang alyansa sa pamumuno ng Sparta na tinawag na **Peloponnesian League**.

Noong 431 BCE, nilusob ng Sparta ang mga karatig pook ng Athens na naging simula ng Digmaang Peloponnesian. **Ang dalawampu't pitong taong Digmaan ng Peloponnesian ay isang malaking trahedyang para sa Greece.** Nagkaroon ng malawakang pagkawasak ng ari-arian at pagkamatay ng mga tao. Lumala rin ang suliranin sa kawalan ng hanapbuhay, pagtaas ng presyo ng mga bilihin, at kakulangan sa pagkain.



Larawan 1.5: Sa Digmaang Peloponnesian naging magkalaban ang kapwa Greek na Polis ng Athens at Sparta  
<https://tinyurl.com/yxa2dk9q>

### **IMPERYONG MACEDONIAN**



Larawan 1.6: Ang lawak ng sakop ni Alexander, mula Greece sa kanluran hanggang India sa silangan <https://tinyurl.com/ychvkg29>

Hinangad ni Haring **Philip II ng Macedonia**, isang kaharian sa hilaga ng Greece, na pag-isahin ang mga lungsod-estado sa Greece sa ilalim ng kanyang pamamahala sa pamamagitan ng digmaan.

Naging tanyag na pinuno ng Macedonia ang anak ni Philip na si **Alexander the Great**. Noong siya ay bata pa lamang,

naging guro niya si Aristotle na nagturo sa kaniya ng pagmamahal sa kultura at karunungan. Habang lumalaki, natutuhan niya ang kagalingan sa pakikipagdigma. Nang mamatay ang kanyang ama, naging hari siya sa edad na 21 taong gulang at namuno sa Macedonia at Greece. Matalino, malakas ang loob at magaling na pinuno si Alexander. Sinalakay niya ang Persia at Egypt at pagkatapos ay tumungo sa silangan at sinakop ang Afghanistan at Hilagang India. Nagtatag siya ng imperyo na sumakop sa kabuuan ng Kanlurang Asya, Egypt, at India. Pinalaganap niya ang kaisipang Greek sa silangan. Noong 323 BCE, sa gulang na 32 taon namatay si

Alexander sa Babylon sa hindi matiyak na karamdaman. Ang kanyang imperyo ay nahati sa kanyang mga heneral, at ang pananakop niya ay nagdulot ng paghahalo ng kulturang Asyano at Greek, tinawag na **panahong Hellenistic**.



**GAWAIN**

**Gawain 1: 3-2-1 Chart**

**PANUTO:** Isulat sa mga kahon sa ibaba ang Tatlong Aral na natutunan, dalawang katangiang na hinangaan mo at isang pangyayaring nais mong baguhin sa Kabihasnang Klasikong Greece.

<b>3</b>	<b>Mahalagang aral na natutunan</b> 1. 2. 3.
<b>2</b>	<b>Katangiang hinangaan</b> 1. 2.
<b>1</b>	<b>Pangyayaring nais baguhin</b> 1.



**TANDAAN**

Ang kabihasnang sa **Greece** ay nabuo sa tatlong panahon: mga **Minoan sa isla ng Crete**; mga **Mycenaean; at mga malayang lungsod-estado** o **Polis ng panahong Hellenic o Klasikal**. Ang mga Greek ay nakilala sa kanilang pakikipagkalakalan sa iba pang lupain sa dagat Mediterranean na siyang nagdala ng iba't ibang ideya at pamamaraan. Bumuo sila ng sarili nilang kultura at pamamaraan na hanggang sa ngayon ay ginagamit natin na makikita sa larangan ng pilosopiya, agham, panitikan, sining at arkitektura, kasaysayan, medisina at marami pang iba. Nakilala ang iba't ibang polis ng Greece tulad ng Sparta, gayundin sa militaristiko nitong kultura, at Athens, na pinagmulan ng Demokrasya. Dumanas ng digmaan sa maraming pagkakataon, na minsang nagpatibay (tulad ng digmaang Greco-Persian) at minsang nagpahina (tulad ng digmaang Peloponnesian), ang Greece. Sa huli ay nasakopito ng Macedonia, na siyang nagkalat ng kulturang Greek sa Asya.





## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**PANUTO:** Sumulat ng maikling sanaysay gamit ang mga gabay na tanong sa ibaba.

1. Ano-ano ang iyong natutuhan sa mga paksang tinalakay?
2. Paano mo ito maisasabuhay?



## PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

- \_\_\_\_ 1. Ang Palasyong ito ang sentro ng Kabihasnang Minoan.  
A. Crete                      B. Knossoss                      C. Minos                      D. Mycenae
- \_\_\_\_ 2. Sa maalamat na Haring ito ipanangalan ng unang kabihasnang Greek.  
A. Leonidas                      B. Minos                      C. Pericles                      D. Xerxes
- \_\_\_\_ 3. Ang pangkat na ito ay mga Indo-Euoropeong nagmula sa gitnang bahagi ng kontinenteng Europa at Asia.  
A. Athenian                      B. Minoan                      C. Mycenaean                      D. Spartan
- \_\_\_\_ 4. Ang panahon kung saan binuo ang mga malalayang lungsod-estado.  
A. Ancient                      B. Dark Age                      C. Hellenic                      D. Hellenistic
- \_\_\_\_ 5. Sila ang mga bihag ng digmaan ng lungsod-estado ng Sparta na ginagawang tagapagsaka ng mga malalawak na lupain.  
A. Ephor                      B. Helot                      C. Hoplite                      D. Pahlanax

- \_\_\_\_\_ 6. Ito ay binubuo ng isang lipunang malaya, nagsasarili at nakasentro sa isang lungsod.  
 A. Acropolis                      B. Agora                      C. Hoplite                      D. Polis
- \_\_\_\_\_ 7. Isang uri ng pamamahala kung saan mayayaman ang makapangyarihan.  
 A. Demokratiko                      B. Komunista                      C. Monarkiya                      D. Teokrasya
- \_\_\_\_\_ 8. Sistema ng pagpapatapon o pagtatakwil sa isang tao.  
 A. Annihilation                      B. Deportation                      C. Eviction                      D. Ostracism
- \_\_\_\_\_ 9. Sino sa mga sumusunod ang kabilang sa larangan ng Pilosopiya?  
 A. Aristotle                      B. Herodotus                      C. Hippocrates                      D. Thucydide
- \_\_\_\_\_ 10. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa Arkitektura ng Greece?  
 A. Corinthian                      B. Doric                      C. Ioninan                      D. Stoic
- \_\_\_\_\_ 11. Hinangad niya na pag-isahin ang mga lungsod-estado sa Greece sa ilalim ng kanyang pamamahala sa pamamagitan ng digmaan.  
 A. Alexander                      B. Cyrus                      C. Philip                      D. Xerxes
- \_\_\_\_\_ 12. Siya ang guro ni Alexander na nagturo sa kanya ng pagmamahal sa kultura at karunungan.  
 A. Aristotle                      B. Herodotus                      C. Plato                      D. Socrates
- \_\_\_\_\_ 13. Sa pamumuno ng Haring ito sinubukang pigilan ng 300 Spartan ang mga Persian sa Thermopylae.  
 A. Darius                      B. Leonidas                      C. Pericles                      D. Xerxes
- \_\_\_\_\_ 14. Ang lungsod-estado ng Greece na kilala sa militaristikong kultura.  
 A. Athens                      B. Corinth                      C. Sparta                      D. Thebes
- \_\_\_\_\_ 15. Ang panahon kung saan lumaganp ang paghahalo ng kulturang Asyano at Greek  
 A. Ancient                      B. Dark Age                      C. Hellenic                      D. Hellenistic

## **Sanggunian**

Aklat:

Rosemarie C. Balndo, Micheal M. Mercado, Marl Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, at Kalenna Lorene S. Asis. Araling Panlipunan 8, Kasaysayan ng Daigdig\* Modyul Ng Mag-aaral (Department of Education-Bureau of Learning Resources: Ground floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex Meralco Avenue, Pasig City Phlippines, 2016), Pahina 130-156

Mga larawan

<https://bit.ly/2ZtOQcH>

<https://tinyurl.com/y57pfjpg>

<https://tinyurl.com/y3f6vnhh>

<https://tinyurl.com/yxa2dk9q>

<https://tinyurl.com/y5o8qdjh>

Susi sa Pagwasto  
 Unang Pagsubok: 1. B. 2. C. 3. C. 4. C. 5. D. 6. B. 7. B. 8. A. 9. B. 10. A. 11. A. 12. A. 13. B. 14. D. 15. B  
 Pangwakas na Pagsusustih: 1. B. 2. B. 3. C. 4. C. 5. B. 6. D. 7. A. 8. D. 9. B. 10. D. 11. C. 12. A. 13. B. 14. C. 15. D

